PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s
SPEECH DURING HIS VISIT TO EVACUATION CENTER IN THE MUNICIPALITY OF GUINOBATAN, ALBAY

Guinobatan, Albay
June 14, 2023

[00:00:01]
Salamat, Secretary Rex, ng DSWD.

Magandang hapon po sa inyong lahat. At kami po ay nandito upang tingnan kung ano pa ang inyong pangangailangan at marami pa tayong… Mukhang ang mga sinasabi sa atin ng ating mga siyentipiko ay binabantayan lang natin iyong bulkan. Titingnan po natin. Hindi pa natin natitiyak kung magle-level 4, kung matutulog ulit iyong bulkan.

Pero tayo kahit ano pa ang mangyari tinitiyak natin na nakahanda tayong lahat para naman ay mabawasan naman. Kahit anumang mangyari ay pahirapan din para sa inyo ito. Ngunit sana makabigay lang kami ng kaunting tulong para naman iyong hirap ninyo ay hindi naman masyadong matindi.

Kaya po kami nandito at kasama ko po lahat ang mga involved na mga departamento. Nandito po ang bagong upo na ating Secretary of National Defense na si Secretary Gilbert Teodoro, [applause] at sila ang National Defense ang namumuno, nag-co-coordinate sa lahat ng disaster relief response ng Pilipinas. Kaya nandito siya para tingnan din kung ano pa ang mga kailangang gawin.

Nandiyan nakilala na ninyo si Secretary Rex ay siya ang pabalik-balik dito. At siyang nagdadala talaga ng --- ang DSWD ay tinitiyak ulit kung ano iyong pangangailangan kasi syempre ang --- dati, lagi naman ang una ay iyong relief goods, syempre iyong evacuation center, tubig. Maglalagay tayo…

Sa ngayon ay nagdadala lang tayo ng tubig na bote-bote. Pero kung tatagal ito, hindi kayang gawin iyon kasi magiging kulang na iyon. Kaya't binigyan ko sila ng instruction na magdala rito nung purification, iyong paglilinis… Para kukuha tayo ng tubig sa ilog o kung saan at iyon ang gagamitin --- iyon ay lilinisin natin para pwedeng inumin, pwedeng gamiting pangluto at hindi na tayo umaasa na may dumadating na nakabote na tubig.

At iyong isa pang tinanong ko, iyong mga lalo na iyong mga may edad na nangangailangan, mga senior natin na nangangailangan ng mga maintenance na gamot ay ginagawan din natin ng paraan para naman makapag-supply.

[00:02:41]
Ang problema lang kasi po, ang gobyerno ay hindi pwedeng mangolekta ng maraming gamot at ipamimigay sa inyong lahat. Kailangan doktor ang gagawa niyan. Kaya't ang DOH ay sila at saka iyong mga Provincial Health Hospital ninyo, iyong municipal hospital niyo tutulong iyan at ang ating mga healthcare workers ay sila ang makakapagbigay --- sila ang may karapatan na makapagbigay ng gamot para sa inyong lahat.

Iyong pagkain ay siguro naman ay hindi --- maganda rin ang ginawang programa ng probinsya ng Albay dahil ang ginawa lahat ng ani na gulay ay kinuha at binili na ng local government para sa ating mga na-evacuate. Syempre iyong mga de lata ay nandyan din, nagpadala din tayo para kahit papaano meron kayong kinakain at hindi tayo nahihirapan.

Mapag-usapan ko nga ang de lata, kasama po ng ating Kalihim ng Local Government Secretary Benhur Abalos ay kasama po niya ay ang Ambassador na galing sa Mohammed Al Qayed --- galing sa UAE. At sila po --- the UAE --- I'm explaining what United Arab Emirates --- the moment that they found out that we had a disaster because of the exploding volcano, the UAE immediately, immediately without us asking came and offered their help and they have already sent us 50 tons. Limampung tonelada ng pagkain at saka mga ibang gamot. [applause]

Kaya't sinama ko siya, I asked him to join me para makapagpasalamat tayong lahat sa kanya sa tulong ng United Arab Emirates na kanyang dala at napakabilis ng kanilang tulong. Mababanggit ko rin, I will also remember that the United Arab Emirates has always been very sensitive to the needs of Filipinos pagka nagkakaproblema.

Naalala ko iyong sa amin doon sa Leyte, iyong Yolanda ay tatlong 747 ang pinadala nila na relief goods, pagkain, tubig, kung ano-ano, pati mga equipment ang UAE nagpadala. Kaya't palakpakan natin si Ambassador. [applause] We'll thank him.

At iyan po iyong mga idi-distribute natin marami diyan ay nanggaling po sa ating mga kaibigan sa United Arab Emirates. At siguro I am saying --- maybe the reason they are so sympathetic with the Philippines is because they have many Filipinos working in UAE and they feel a closeness already and a friendship to Filipinos. And for that, we are very very grateful, Mr. Ambassador [applause].

Ang isa pang aming tinitignan ay iyong --- una iyong pagkain syempre tubig. May mga purification na tayo pero pati iyong supply ng tubig kailangan pa rin yata not drinking water, the water for washing for --- baka kulang pa rin.

[00:06:17]
Pero palagay ko, kapag nagamit na --- nailagay na natin… We have how many coming from MMDA na? [Official: Maximum of 80, about 40 to 80] Mga apatnapu hanggang walumpo na mga makina para ifi-filter iyong tubig para maging malinis, pwedeng inumin na hindi tayo nag-aalala.

Mayroon kaunting mga --- nagtanong din ako kung ano ba ang --- nagkakasakit ba ang ating mga anak? Kayo ba may nararamdaman ba kayo? May sinisipon daw? May umuubo? So, lahat --- maganda naman din ang response ng probinsya. Sinasabi nga ni Gov. sa akin, ika niya, lahat ng medical health workers ng probinsya na umiikot para sa mga medical mission ay dito muna para kayo ay alagaan. Kaya't iyan po ay tinitignan lang po natin.

Ah iyong isa pa na nakita ko habang nanonood ako ng telebisyon, pinapanood ko kayo at naririnig ko iyong reklamo ninyo na mainit doon sa loob. Mainit nga. Sabi ko totoo pala. Kaya't ---iyon lamang hindi natin pwedeng kabitan ng electric fan lahat dahil mahina ngayon iyong kuryente.

Kaya't gagawa kami ng paraan para naman mayroon ng tayong lamig, para medyo konting mas komportable naman. [applause] Ang hirap ng pinagdadaanan ninyo. Kaunting ginhawa ay siguro tama rin naman na makapagdala kami.

Kaya't iyon lamang naman po. Kami ay nandito upang tiyakin na lahat ng pangangailangan ng mga evacuees. Tatlo sana ang pwede naming puntahan ngunit nagka-delay-delay iyong aming eroplano kaya't dito lang muna kami.

Pero tinitingnan nga namin na iyong response ng national government ay sapat at makausap din kayo, na mga evacuees, kung ano iyong mga inyong pangangailangan. Sa aking palagay ay ang dapat nating paghandaan ngayon dahil ang sinasabi, si Dr. Solidum of the DOST at siyang nakabantay, siya ang nagsasabi sa atin kung magle-level 1, level 2. Siya ang nakabantay, siya ang nagpapaliwanag sa atin kung ano ba talaga ang nangyayari sa Mayon.

Kung ito ba ay pwede nang lapitan o hindi pa o kailangan pa natin alalayan. Tinitingnan pa po at hindi natin malaman kung ano iyong susunod. Ngunit ang sinasabi, ang estimate daw bago makabalik doon sa six-kilometer na radius ay baka mga 45 days hanggang 90 days pa. Manalangin tayo na itigil na ng bulkan para hindi na kayo masyadong maghirap.

Kaya't iyan ang aming pinaghahandaan na kahit matagal pa ito ay titiyakin natin na nakahanda naman ang mga ahensya ng gobyerno, na nakahanda lahat ang ating mga tauhan na makatulong.

[00:09:35]
At sa lalong madaling panahon basta't sinabi ni Dr. Solidum na pwede na ay ibabalik na namin kayo sa --- pababalikin ko na kayo sa inyong mga tahanan. Ngunit syempre dapat maingat tayo dahil mahirap magkamali. Pagka bumalik kayo sa inyong mga tahanan tapos may nangyari ay mahirap naman mayroong masasaktan, may mapipinsala. Kaya't iyon ang iniingatan namin. So, maingat kami masyado para naman walang mangyari sa inyong lahat na nakatira na malapit sa Bulkang Mayon.

Kaya't iyon lang naman po at iyon po ay ang aming sadya dito. At huwag po kayong nag-aantay ng matagal kung may pangangailangan kayo. Sabihin ninyo sa amin. Nandito si Mayor, nandito si Gov, andito lahat ng DSWD, andito iyong DILG, andito silang lahat at nandiyan lang sila para alalayan kayo. [applause]

Kaya't pagka mayroong problema sabihin niyo kami agad para mayroon kaming kaagad na magagagawa.

Kaya't iyon lang po at maraming, maraming salamat sa inyong lahat. [applause] Maraming salamat sa napakainit na salubong at kasing init ng Bulkang Mayon ang salubong na nakuha ko sa inyo.

At sana naman ay iyong estimate natin na ilang buwan pa ay huwag naman sanang tumagal ng ganoon. Kaya't sabi ko, manalangin na lang tayo baka naman sakali pagbigyan tayo ng Mayon.

Maraming salamat po. Magandang hapon po. [applause]
[00:11:191``]

***